Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

7/4

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG HULYO 13, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... | PANGALAWANG PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Angelito U. Limjuco | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ..... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

### KAPASIYAHAN BLG. 134-T2009

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 002-T2009 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG POBLACION II NA NAGKAKAHALAGA NG LABING DALAWANG LIBO DALAWANG DAANG PISO (Php12,200.00) MULA SA 20% DEVELOPMENT FUND SA PONDONG NAKALAAN SA PEACE AND ORDER (Php4,900.00), BARANGAY NUTRITION AND HEALTH SERVICE (Php2,984.12) AT SURPLUS NG 20% DEVELOPMENT FUND NG TAONG 2008 (Php4,315.86) UPANG ILAAN PARA SA KARAGDAGANG PONDO SA CLEAN AND GREEN (Php2,000.00), PAMBILI NG GAMOT (Php7,200.00) AT EDUKASYON (Php3,000.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 010-T2009/Kautusan sa Paglalaan Blg. 002-T2009 ng Sangguniang Barangay ng Poblacion II na nagkakahalaga ng Php12,200.00 mula sa 20% Development fund sa pondong nakalaan sa Peace and Order (Php4,900.00), Barangay Nutrition and Health Service (Php2,984.12) at Surplus ng 20% Development Fund ng taong 2008 (Php2,000.00) upang ilaan para sa karagdagang pondo sa Clean and Green (Php2,000.00), Pambili ng gamot (Php7,200.00) at Edukasyon (Php3,000.00) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon) Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng Kagalang-galang Kagawad Ramon D. Tan at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kautusan sa Paglalaan Blg. 002-T2009 ng Sangguniang `Barangay ng Poblacion II na nagkakahalaga ng Php12,200.00 mula sa 20% Development fund sa pondong nakalaan sa Peace and Order (Php4,900.00), Barangay Nutrition and Health Service (Php2,984.12) at Surplus ng 20% Development Fund ng taong 2008 (Php2,000.00) upang ilaan para sa karagdagang pondo sa Clean and Green (Php2,000.00), pambili ng gamot (Php7,200.00) at Edukasyon (Php3,000.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay Gatid, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **ALAN T. PAMATMAT**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan